



# Isang refund sa buwis para sa mga manggagawa sa Washington!

Ang Working Families Tax Credit (Refund sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) ay magbibigay ng bayad na hanggang $1,290 para sa taon ng buwis 2024 sa mga indibidwal at pamilyang nakakatugon sa mga kinakailangan.

**Sino ang kwalipikado para sa refund sa buwis?**
Kwalipikado ang mga indibidwal at pamilya kung nakakatugon sila sa lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Tumira sa Washington sa loob ng hindi bababa sa 183 araw.
- Hindi mas bata sa 25 taong gulang at wala pang 65 taong gulang O may kwalipikadong anak para sa 2024.
- Naghain ng pederal na tax return para sa 2024 gamit ang Numero ng Panlipunang Seguridad (Social Security Number, SSN) o Numero ng Pagkakakilanlan ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number, ITIN).
- Kwalipikado para sa pederal na Refund sa Buwis sa Kinita sa kanilang tax return para sa 2024.
  - Pumunta sa www.irs.gov/eitc para matuto pa.
- Tugunan ang mga kinakailangan sa kita (tingnan ang talahanayan).

**Magkano ang maibabalik sa mga indibidwal at pamilya?**
Depende ito sa bilang ng mga kwalipikadong anak at antas ng kita. Tingnan ang talahanayan para sa mga pagtataya batay sa mga limitasyon sa pagiging kwalipikado ng kita para sa 2024.

**Ano ang mga limitasyon sa kita?**

| Bilang ng mga kwalipikadong anak | Wala pa dapat sa sumusunod ang kinikita ng aplikante | | Maximum na refund |
|---|---|---|---|
| | Walang asawa | May asawa *(magkasamang maghahain)* | |
| 0 | $18,591 | $25,511 | $325 |
| 1 | $49,084 | $56,004 | $640 |
| 2 | $55,768 | $62,688 | $965 |
| 3 *o higit pa* | $59,899 | $66,819 | $1,290 |

Mag-apply na sa WFTC.wa.gov/apply.

**Para makapag-access ng karagdagang impormasyon o mag-sign up para sa mga update, bisitahin ang aming website: WFTC.wa.gov o tumawag sa 360-763-7300.**

WFTC0001-TL　12/16/2024

Department of Revenue Washington State